Republic of the Philippines
# Department of Education
**Region III**
**Schools Division of Angeles City**

DEPARTMENT OF EDUCATION SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY RELEASED NOV 12 2021 BY:

**November 11, 2021**

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 367 s. 2021**

## PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA/ PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA PAGBASA

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chiefs, CID and SGOD
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
School Heads of Public Elementary, Integrated Schools, Secondary and Senior High School
Unit Heads
All other concerned

1. Ito ay bilang tugon sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 00466, s.2021 na may pamagat na 2021 Pambansang Buwan at Araw ng Pagbasa .

2. Ang bawat paaralan ay maaaring magkaroon ng simpleng birtuwal na pagdiriwang lamang tuon sa temang "Bawat Bata Bumabasa sa Kabila ng Hamon ng Pandemya."

3. Bilang *culminating activity*, ang ating sangay ay magdaraos ng isang Paligsahan sa Pagbasa (Brigada Pagbasa sa Tahanan) sa Nobyembre 26, 2021, 10:00 nu gamit ang Google Meet.

4. Kalakip ng memorandum na ito ang mga panuntunan, patnubay, batayan sa kapasyahan at mga tagapangasiwa para sa paligsahan .

5. Inaasahang ang bawat distrito/cluster ay magpapadala ng tatlong kalahok sa bawat kategorya.

6. Hinihikayat din ang mga mag-aaral, magulang, guro, kawani ng buong dibisyon na makilahok sa Araw ng Pagbasa Challenge ( *nationwide synchronized reading activity*) na gaganapin sa ika-26 ng Nobyembre 2021, sa ganap na 9:00 nu. Lahat ay inaasahang hihinto sa paggawa at magbabasa ng anomang aklat o babasahin sa loob ng labinlimang (15) minuto.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MA. IRELYN P. TAMAYO PhD, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

CM 2021 -259
**Address:** Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City
**Telephone No.** (045) 322-4101; **Email Add:** angeles.city@deped.gov.ph

**Enclosure 1 to DM no. ________, s 2021**

**Mga Kategorya, Bilang ng Kalahok , Bilang ng Tagapagsanay, at mga Tagapangasiwa sa Bawat Kategorya**

| KATEGORYA | BILANG NG MGA INAASAHANG KALAHOK | BILANG NG MGA INAASAHANG TAGAPAGSANAY | TAGAPANGASIWA |
|---|---|---|---|
| Masining na Pagtula ( Baitang 1 & 2) | 12 | 12 | Eugene M. Canlas |
| Pagbabaybay ( Baitang 3 & 4) | 12 | 12 | Janet P. Lingat |
| Masining na Pagkukuwento ( Baitang 5 &6) | 12 | 12 | Belinda P. Gozun |
| Masining na Pagkukuwento ( Magulang ng K-3) | 12 | 12 | Eugene V. Lacsina |
| Dugtungang Madulang Pagbasa( Guro ng K-12) | 21 | 21 | Lesley A. Angeles |
| Pinaghandaang/Isinaulong Talumpati ( Baitang 7-10) | 9 | 9 | Lennie L. Concengco |
| Dagliang Pagtalakay/Talumpati ( Baitang 11 & 12) | 9 | 9 | Dr. Nestor C. De Guzman |

Enclosure 2 to DM no. ________, s 2021

PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA
Nobyembre 26, 2021

| PALIGSAHAN | PALIGSAHAN SA PAGBASA/DIVISION READ-A-THON 2021 | |
|---|---|---|
| KALAHOK | Mag-aaral mula sa Baitang 1 o 2 | |
| KATEGORYA | MASINING NA PAGTULA | |
| BILANG NG KALAHOK | Isa (1) | |
| BATAYAN NG KAPASYAHAN | PAMANTAYAN | BAHAGDAN |
| | 1. Paraan ng Pagbigkas ng Tula (linaw ng boses at mga salita) | 35% |
| | 2. Interpretasyon (pagbigkas nang may damdamin at ekspresyon ng mukha) | 35% |
| | 3. Kaangkupan ng Kilos at Galaw (kumpas ng kamay, paglakad o paggalaw habang bumibigkas) | 20% |
| | 4. Hikayat sa Madla o dating sa Tagapakinig | 10% |
| | | |
| | KABUOAN | 100% |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang mga kalahok ay ang mga nagsipagwagi sa pampaaralan/pandistritong patimpalak.
2. Maaaring magmula ang mga kalahok sa una o ikalawang baitang.
3. Ang mga kalahok ay gagamit ng iisang piyesa o TULA na nagmula sa Tagamasid Pansangay sa Filipino.
4. Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng props o anumang bagay na maaaring makadagdag sa elemento ng pagbikas ng tula ng bawat kalahok.
5. Ang kasuotang itinakda para sa mga kalahok ay puting t-shirt at maong na pantalon lamang.
6. Google Meet ang magsisilbing lugar na pagdadausan ng ating patimpalak.
7. Ipadadala ang link ng meet tatlong araw bago ang patimpalak.
8. Kinakailangang ibigay ng tagapagsanay ang sumusunod na impormasyon bago o sa mismong ika -26 ng Nobyembre, 2021 kay G. Eugene Canlas.
   - Facebook Messenger - Huge Canlas
   - DepEd Email- eugene.canlas@deped.gov.ph

**Pangalan ng Kalahok:** ______
**Baitang:** ______
**Paaralan:** ______
**Tagapagsanay:** ______

9. Ang piyesa o tulang gagamitin:

**PANALANGIN SA PANDEMYA**
**ni Ondrea Silava**

**Taimtim ko na panalangin,**
**sana ay dinggin.**
**Pandemyang kinakaharap,**
**sana'y huwag lalong lumaganap.**

**Ako, ikaw, tayong lahat,**
**ay may responsibilidad,**
**para puksain at labanan**
**itong kalamidad.**

**Huwag ipagsawalang-bahala,**
**lahat ng alituntunin at mga paalala.**
**Magtulungan tayo't magkaisa,**
**Nang gumaling ang mundo na may puno ng pag-asa.**

11. Tatlong kalahok ang tatanghaling nagsipagwagi: UNA, IKALAWA AT IKATLONG GANTIMPLA.
12. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na maipaghahabol pa.

**PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA**
Nobyembre 26, 2021

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PALIGSAHAN SA PAGBASA /DIVISION READ-A-THON 2021** | |
| **KALAHOK** | Mag-aaral mula sa Baitang 3 o 4 | |
| **KATEGORYA** | **PAGBABAYBAY** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| | Sampung (10) babaybaying salita na nasa madaling antas | 2 puntos sa bawat tamang sagot |
| | Sampung (10) babaybaying salita na nasa katamtamang antas | 3 puntos sa bawat tamang sagot |
| | Limang (5) babaybaying salita na nasa mahirap na antas | 5 puntos sa bawat tamang sagot |
| | Magkakaroon ng "clincher" sakaling magkakaroon ng pagkakapareho ng puntos. | |
| | | |
| | **KABUOAN** | **75** |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang mga kalahok ay ang tatlong nagwagi na nagmula sa ikatlo o ikaapat na baitang sa pandistritong patimpalak.
2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng papel at panulat (pentel pen) at dito isusulat ang bilang ng kalahok at ang babaybaying salita.
4. Paraan ng pagbasa sa babaybaying salita.
    a. Babasahin ng isang beses ang babaybaying salita
    b. Gagamitin ito sa pangungusap
    c. Babasahin ulit ang salita
5. Bibigyan ng sampung segundo (10) ang bawat kalahok para maisulat ang salita.
6. Kapag tumunog ang "buzzer", ipapakita ng kalahok ang kaniyang sagot sa screen. Ang pagkabigong maipakita ang sagot o ang pagbabago ng sagot pagkatapos nang pagtunog ng "buzzer ay hindi na tatanggapin.
7. Ang mga hurado ang magsasabi kung ang binaybay na salita ay tama o mali.
8. Ang makakakuha ng pinaka mataas na puntos ang magtatamo ng unang gantimpala; ikalawang mataas na puntos ay ang magtatamo ng ikalawang gantimpala; ang ikatlong mataas na puntos ay ang magtatamo ng ikatlong gantimpala.
9. Ang puntos ng bawat kalahok ay ipapakita sa "score board" gamit ang excel.
10. Proseso ng Virtual na Patimpalak
    a. Ibibigay ang link ng MS Teams sa mga "district coordinators" at labindalawang kalahok.
    b. I-click lamang ang link upang makapasok sa gagawing paligsahan.
    c. Bago ang paligsahan, kailangang handa ang gagamitin; papel at panulat, at headset.
    d. Pakinggang mabuti ang mga tuntunin at pamantayan, pindutin lamang ang "raise hand button" kung may mga katanungan.
    e. Panatilihing bukas ang kamera mula sa umpisa hanggang matapos ang paligsahan.

**PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA**

Nobyembre 26, 2021

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PALIGSAHAN SA PAGBASA/ DIVISION READ-A-THON 2021** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Baitang 5 o 6 | |
| **KATEGORYA** | **MASINING NA PAGKUKUWENTO (Mag-aaral)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **PAMANTAYAN** | **BAHAGDAN** |
| | 1. Paraan ng Pagkukuwento - Interaktibong Pagkukuwento | 40% |
| | 2. Pagbigkas, damdamin, kumpas at ekspresyon ng mukha | 30% |
| | 3. Tinig | 20% |
| | 4. Hikayat o dating sa tagapakinig | 10% |
| | | |
| **KABUOAN** | | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral mula sa ikalima o ikaanim na baitang na nagwagi sa pampaaralan/ pandistritong patimpalak.
2. Ang mga kalahok ay gagamit ng iisang piyesa sa pagkukuwento ( Isa, Dalawa, Handa)
3. Pinahihintulutan ang paggamit ng props, musika o anomang makadaragdag na elemento sa pagkukuwento ng bawat kalahok.
4. Ang kasuotang itinakda ay puting t-shirt at maong na pantalon.
5. Ang paghahanda at pagkukuwento ay hindi hihigit sa 10 minuto
6. May kabawasan sa puntos ang sinomang lalampas sa itinakdang oras.
   01 – 09 segundo - .10 ; 10 – 19 segundo - . 25 ; 20 – 30 segundo - . 50 , 31 segundo – pataas - 1
7. Ang mga kalahok ay bibigyan ng puntos batay sa mga pamantayan. Kung sakaling magkaroon ng tabla o tie sa mga nagsipagwagi, pag-uusapan ito ng lupon ng hinampalan upang matukoy ang mananalong kalahok.
8. Ang desisyon ng lupon ng hinampalan ay pinal.

**PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA**
Nobyembre 26, 2021

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PALIGSAHAN SA PAGBASA/DIVISION READ-A-THON 2021** | |
| **KALAHOK** | K-3 Magulang | |
| **KATEGORYA** | **MASINING NA PAGKUKUWENTO (Magulang)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **PAMANTAYAN** | **BAHAGDAN** |
| | 1. Paraan ng Pagkukuwento – Interaktibong Pagkukuwento (kaswal, relaks, komberseysyunal) | 40% |
| | 1. Pagbigkas, damdamin, kumpas at ekspresiyon ng mukha | 30% |
| | 2. Tinig at kilos | 20% |
| | 3. Hikayat sa Madla o Dating sa Tagapakinig | 10% |
| | | |
| | **KABUOAN** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

a. **Bukas ang paligsahan sa mga magulang (*Biological Parent*) ng mga mag-aaral sa Kinder hanggang Grade 3 na naka-enrol sa Taong Panuruan 2021-2022 sa Sangay ng mga Paaralang Lungsod, Lungsod Angeles.**
b. **Ang mga kalahok ay ang mga nagwagi sa pampaaralang/pandistritong patimpalak para sa Kinder hanggang Grade 3.**
c. **Ang mga kalahok ay gagamit ng iisang aklat ( Isang Metro) na gagamitin sa pagkukuwento .**
d. **Hindi pahihintulutan ang paggamit ng anomang props, musika o anomang makadaragdag na elemento sa pagbasa o pagkukuwento ng bawat kalahok maliban sa *Big Book* o aklat na gagamitin sa pagkukuwento.**
e. **Ang kasuotang itinakda ay puting t-shirt at maong na pantalon.**
f. **Ang pagkukuwento ay hindi lalabis sa 15 minuto.**
g. **Isasagawa ang patimplak sa pamamagitan ng *Google Meet* at ipapadala ang *link* bago ang araw ng paligsahan.**
h. **Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na maipaghahabol pa.**

PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PALIGSAHAN SA PAGBASA/DIVISION READ-A-THON 2021** | |
| **KALAHOK** | K-12 Guro | |
| **KATEGORYA** | **DUGTUNGANG MADULANG PAGBASA** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Tatlo (3) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **PAMANTAYAN** | **BAHAGDAN** |
| | **1. Interpretasyon**<br>Pagpapalutang ng diwa<br>Pagbibigay diin sa damdamin | 30% |
| | **2. Hikayat**<br>Dating sa madla<br>Pagbibigay buhay sa tauhan<br>Pagkamalikhain | 20% |
| | **3. Bigkas**<br>Matatas at malinaw<br>May pagbubukod-bukod ng mga salita<br>May wastong diin at intonasyon | 25% |
| | **4. Tinig**<br>Tamang paglakas at paghina ng tinig<br>Taginting | 15% |
| | 5. **Linis ng pagkakagawa** ( video) | 10% |
| | **KABUOAN** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang madulang dugtungang pagbasa ay pagbasa ng isang buong kuwento na paghahatian ng 3 guro na maaaring manggaling sa iba't ibang baitang na tinuturuan. Gumamit ng multi-media presentation habang nagbabasa. I-record ang gagawing presentasyon at ipalalabas sa araw ng paligsahan.
2. Ang mga kalahok ay mga guro (3) mula kinder hanggang ika-12 baitang na nagwagi sa pampaaralan/ pandistrito/cluster patimpalak.
3. Ang mga kalahok ay pipili ng nagustuhang pambatang kuwento na kapupulutan ng mabuting aral.
4. Pinahihintulutan ang paggamit ng props, musika o anomang makadaragdag na elemento sa dugtungang madulang pagbasa.
5. Ang paghahanda at pagbabasa ng kuwento ay hindi hihigit sa 10 minuto
6. May kabawasan sa puntos ang sinomang lalampas sa itinakdang oras.
   01 – 09 segundo - .25 ; 10 – 19 segundo - . 50 ; 20 – 30 segundo - . 75 , 31 segundo – pataas- 1
7. Ang mga kalahok ay bibigyan ng puntos batay sa mga pamantayan. Kung sakaling magkaroon ng tabla o tie sa mga nagsipagwagi, pag-uusapan ito ng lupon ng hinampalan upang matukoy ang mananalong mga kalahok.
8. Ang desisyon ng lupon ng hinampalan ay pinal.

**PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA**
Nobyembre 26, 2021

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PALIGSAHAN SA PAGBASA/ DIVISION READ-A-THON 2021** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Baitang 7-10 | |
| **KATEGORYA** | PINAGHANDAANG TALUMPATI | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | Pamantayan | BAHAGDAN |
| | A. Sapat na Kaalaman/ Kabigatan ng mga Inilatag na Ideya | 20 % |
| | B. Kaangkupan o Kaugnayan ng Talakay sa Paksa/Tema | 15 % |
| | C. Organisasyon ng mga Ideya / Tamang Pagkakabalangkas | 15 % |
| | D. Tamang Paggamit ng Boses | 10 % |
| | E. Kalinawan at Kawastuhan ng Bigkas ng mga Salita at mga Pahayag | 10 % |
| | F. Tindig/Kilos at Galaw ng Katawan | 10 % |
| | G. Paninindigan sa Diwang Inihahayag | 10 % |
| | H. Hikayat sa Tagapakinig | 5 % |
| | 1. Pananamit | 5% |
| | **KABUOAN** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang mag-aaral ay kasalukuyang mag-aaral ng DepEd , Baitang 7-10.
2. Siya ang opisyal na kalahok mula sa paaralan na kaniyang pinapasukan.
3. Ang paksang tatalakayin ay " Ang Gampanin ng Wikang Filipino sa Maayos na Pagkakaunawaan at Pagtutulungan ng Magkakalayong Pulo sa Panahon ng Kalamidad o Pandemya. "
4. Tatlong minutong pagtalakay ang gagawin ng kalahok sa paksang ibinigay. Hindi kailangang bababa sa dalawa at kalahating minuto ang pagtalakay. Ang alinmang pagtalakay na hindi umabot sa itinakdang oras ay hindi maituturing na opisyal na lahok.
5. Ang tatlong minuto ay magsisimula sa unang pagbigkas ng salita at magtatapos sa huling pagbigkas ng salita.
6. May kabawasan sa puntos ang sinomang lalampas sa itinakdang oras.

   01 – 09 segundo - .10 ; 10 – 19 segundo - . 25 ; 20 – 30 segundo - . 50 , 31 – pataas - 1

7. Kung sakaling may muling pagsisimula ang kalahok, hindi hihinto ang tatlong minuto, magtutuloy-tuloy ito hanggang sa umabot sa itinakdang oras ng pagtatapos.
8. Ang mga kalahok ay bibigyan ng puntos batay sa mga pamantayan. Kung sakaling magkaroon ng tabla o tie sa mga nagsipagwagi, pag-uusapan ito ng lupon ng hinampalan upang matukoy ang mananalong kalahok.
9. Ang desisyon ng lupon ng hinampalan ay pinal.

## PAGDIRIWANG NG BUWAN AT ARAW NG PAGBASA

| PALIGSAHAN | PALIGSAHAN SA PAGBASA/ DIVISION READ-A-THON 2021 | |
|---|---|---|
| BAITANG NG MAG-AARAL | Baitang 11 o 12 | |
| KATEGORYA | DAGLIANG PAGTALAKAY/TALUMPATI | |
| BILANG NG KALAHOK | Isa (1) | |
| BATAYAN NG KAPASYAHAN | Pamantayan | BAHAGDAN |
| | A. Sapat na Kaalaman/ Kabigatan ng mga Inilatag na Ideya | 20 % |
| | B. Kaangkupan o Kaugnayan ng Talakay sa Paksa/Tema | 15 % |
| | C. Organisasyon ng mga Ideya / Tamang Pagkakabalangkas | 15 % |
| | D. Tamang Paggamit ng Boses | 10 % |
| | E. Kalinawan at Kawastuhan ng Bigkas ng mga Salita at mga Pahayag | 10 % |
| | F. Tindig/Kilos at Galaw ng Katawan | 10 % |
| | G. Paninindigan sa Diwang Inihahayag | 10 % |
| | H. Hikayat sa Tagapakinig | 5 % |
| | 1. Pananamit | 5% |
| **KABUOAN** | | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok**

1. Ang mag-aaral ay kasalukuyang mag-aaral ng DepEd.
2. Siya ang opisyal na kalahok mula sa paaralan na kaniyang pinapasukan.
3. Bibigyan ang kalahok ng paksang kaniyang tatalakayin.
4. Tatlong minuto ang ilalaan sa bawat kalahok upang balangkasin ang kaniyang mga ideya.
5. Tatlong minutong pagtalakay ang gagawin ng kalahok sa paksang kaniyang binalangkas. Hindi kailangang bababa sa dalawa at kalahating minuto ang pagtalakay. Ang alinmang pagtalakay na hindi umabot sa itinakdang oras ay hindi maituturing na opisyal na lahok.
6. Ang tatlong minuto ay magsisimula sa unang pagbigkas ng salita at magtatapos sa huling pagbigkas ng salita.
7. May kabawasan sa puntos ang sinomang lalampas sa itinakdang oras.
   01 – 09 segundo - .10 ; 10 – 19 segundo - . 25 ; 20 – 30 segundo - . 50 , 30 – pataas - 1
8. Kung sakaling may muling pagsisimula ang kalahok, hindi hihinto ang tatlong minuto, magtutuloy-tuloy ito hanggang sa umabot sa itinakdang oras ng pagtatapos.
9. Ang mga kalahok ay bibigyan ng puntos batay sa mga pamantayan. Kung sakaling magkaroon ng tabla o tie sa mga nagsipagwagi, pag-uusapan ito ng lupon ng hinampalan upang matukoy ang mananalong kalahok.
10. Ang desisyon ng lupon ng hinampalan ay pinal.